# Alamin ang mga Uri ng mga Epektibong Tanong

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga tanong na maaaring gamitin ng titser sa pagtuturo ng lesson tungkol sa Daniel 1–3. Ang bawat tanong ay may magandang maidudulot sa estudyante na may kaugnayan sa learning pattern. Basahin ang bawat tanong at pagpasyahan kung anong bahagi ng learning pattern ang naaangkop dito. Sa patlang sa tabi ng bawat tanong, isulat ang isa sa mga sumusunod:

- **UKN** para sa Unawain ang Konteksto at Nilalaman
- **TDA** para sa Tukuyin ang Doktrina at mga Alituntunin
- **UDA** para sa Unawain ang Doktrina at mga Alituntunin
- **DKK** para sa Damhin ang Katotohanan at Kahalagahan ng Doktrina at mga Alituntunin
- **IDA** para sa Ipamuhay ang Doktrina at mga Alituntunin

______1. Isipin ang isang pangyayari na napagpala ang iyong buhay o ang buhay ng ibang tao dahil nanampalataya ka tulad ni Daniel at ng kanyang mga kasama. Anong mga pagpapala ang dumating dahil dito?

______2. Ano ang ilang halimbawa ng mga sitwasyon sa panahong ito kung saan kailangang manampalataya ng mga kabataan tulad ni Daniel at ng kanyang mga kasama?

______3. Ayon sa Daniel 3:25, nasaan ang Panginoon nang manganib sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego?

______4. Anong alituntunin ang matutukoy natin sa talatang ito?

______5. Batay sa alituntuning natukoy natin, anong kaibhan ang magagawa nito sa iyong buhay kung karapat-dapat ka sa harapan ng Panginoon sa mga sandaling nasa panganib ka?

______6. Anong alituntunin ang ipinakita ni Daniel at ng kanyang mga kasama sa pagtanggi nilang kainin ang pagkain ng hari (tingnan sa Daniel 1)?

______7. Bakit napatay ang mga "malakas na lalake" na nasa hukbo ni Nabucodonosor (Daniel 3:20; tingnan din sa talata 22), samantalang sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego ay "nagsilabas mula sa gitna ng apoy" (talata 26)?

______8. Tulad nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego, bakit hindi tayo dapat makibahagi sa mga bagay na sinasabi ng mundo na mabuti?

______9. Ano ang mga pangalan sa Hebreo nina Sadrach, Mesach at Abed-nego? (Tingnan sa Daniel 1:7.)

______10. Sa iyong palagay bakit hindi palaging pinoprotektahan ng Diyos ang mabubuti mula sa panganib?

______11. Saang aspeto ng buhay mo magagamit ang natutuhan mo kay Daniel at sa kanyang mga kasama?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2016 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN.